REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 •842-6196 •842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

## KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96- 269

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD NA NAGLALAAN NG KARAGDAGANG HALAGA NA APAT NA MILYONG PISO (P4,000,000.00) BILANG BAHAGI NG PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGPAPATULOY NG KONSTRUKSIYON NG PROYEKTONG SUCAT SPORTS COMPLEX NG BARANGAY SUCAT, MUNTINLUPA CITY NA KUKUNIN SA ISANG DAAN AT DALAWAMPUNG MILYONG PISO (P120,000,000.00) STANDBY LOAN SA PHILIPPINE NATIONAL BANK.**

****************************************************************************************************

**Ipinanukala nina :** KGG. DANTE S. ALMARIO
KGG. RUFINO B. JOAQUIN
KGG. RAFAEL R. ARCIAGA
KGG. MELCHOR R. TEVES
KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.
KGG. VICTOR L. ULANDAY
KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO
KGG. ROMAN E. NIEFES
KGG. VICENTE Y. CHUA
KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.
KGG. JO JASON T. ALCARAZ

****************************************************************************************************

**SAPAGKAT**, ang Sangguniang Panlungsod ay binibigyan ng kapangyarihan na magsabatas, magpatibay ng resolusyon at maglaan ng kaukulang pondo para sa mga proyektong magtataguyod ng kagalingan panlipunan ayon sa Seksiyon 447 (2) (i) ng Local Government Code of 1991 (R.A. 7160);

**SAPAGKAT,** ang paglalaan ng halagang **APAT NA MILYONG PISO (P4,000,000.00)** mula sa pondo ng Pagawaing Bayan ay kinakailangan upang ma-ipagpatuloy ang konstruksiyon ng nasabing proyekto na umaabot sa halagang **SIYAM NA MILYONG PISO (P9,000,000.00);**

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Barangay ng Sucat ay nagpaluwal na ng halagang **LIMANG MILYONG PISO (P5,000,000)** bilang bahagi nito sa pagsisimula ng konstruksiyon ng nasabing proyekto;

**SAPAGKAT**, ang binabanggit na proyekto kapag ganap nang natapos o nayari ay makapagdudulot ng malaking tulong, ginhawa at kagalingang panlipunan, lalo't higit sa mga kabataan ng Barangay Sucat at buong mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** ang suliranin tungkol sa tamang pook na pagdarausan ng mga Barangay seminars, meetings at mga pabalita tungkol sa mga programang panlipunan, pati na rin ang pagdarausan ng mga programang pampalakasan para sa kabataan at matanda man, ay lubos ng matutugunan sa sandaling mayari na o matapos ang nabanggit na Barangay Sucat Sports Complex;

**SAPAGKAT,** ang suliranin pa rin tungkol sa ipinagbawal na gamot ay tiyak na mababawasan kung ang mga kabataan ng Barangay Sucat ay magkakaroon ng ibang bagay na mapagbabalingan gaya ng paglalaro at pagsali sa mga kompetisyong pampalakasan o pangkabuhayan man na maayos na maidaraos ang mga ito sa Barangay Sucat Sports Complex;

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Lungsod ay may sapat na pondo na pagkukunan mula sa **ISANG DAAN AT DALAWAMPUNG MILYONG PISO (P120,000,000.00)** Stand-By Loan sa Philippine National Bank;

**NGAYON, DAHIL DITO,** ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na maglaan ng karagdagang halaga na **APAT NA MILYONG PISO (P4,000,000.00)** bilang bahagi ng Pamahalaang Lungsod sa pagpapatuloy ng konstruksiyon sa proyektong Sucat Sports Complex na kukunin sa Isang Daan at Dalawampung Milyong Piso (P120,000,000.00) Stand-By Loan sa Philippine National Bank.

**PINAGTIBAY ng** Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa sa kanilang ika - 31 Regular na Sesyon na ginanap ngayong ika - 4 ng Marso, 1996 sa Silid Pulungan ng People's Center.

SINANG-AYUNAN :

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**(Abstain)**
**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**(Abstain)**
**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**Kapasiyahang Panglungsod Blg. 96-269**

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

**KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng Sang. Kabataan

PINATUNAYAN:

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINAGTIBAY:

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod